



Anong kailangan mong malaman tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 para sa Canada

Gumagawa upang maghatid ng ligtas at epektibong bakuna laban sa COVID-19 sa Canada

Isa sa pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang pagkalat at mapababa ang epekto ng nakahahawang sakit ang pagbabakuna, maging ito ay pana-panahong trangkaso o mga impeksyon noong pagkabata. Ang ligtas at epektibong (mga) bakuna laban sa COVID-19 ay magpoprotekta sa atin laban sa novel coronavirus at magiging mahalagang hakbang upang ligtas na makabalik sa normal na pamumuhay sa Canada at sa buong mundo. Ginagawa ng Gobyerno ng Canada ang lahat ng posibleng hakbang upang siguruhin ang access sa ligtas at epektibong mga bakuna at kaugnay na mga supply para sa mga taga-Canada. Narito ang kailangang malaman ng mga taga-Canada tungkol sa panghinaharap na bakuna laban sa COVID-19.



Tanging mga bakuna na ligtas at epektibo ang aaprubahan para gamitin sa Canada.

Kinikilala ang Canada sa buong mundo para sa mataas nitong pamantayan para sa [pagsusuri sa gamot at bakuna, mga pag-apruba](#) at [pagmo-monitor](#) na mga system; hindi ito makokompromiso. Nakakuha ng real-time access ang Gobyerno ng Canada sa data ng klinikal na pagsusuri ng tagagawa para sa may pinaka-pinangangako na mga kandidato sa paggawa ng bakuna, at nakikipagtulungan sa komunidad ng pandaigdigang pagkontrol upang masiguro na ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay ligtas at epektibo bago ito maaprubahan.



Ang bakuna ay magiging available para sa lahat.

Dahil wala pang nakakagawa na pandaigdigang pagpopondo at pakikipag-tulungan, mahigit sa 150 mga kandidato sa paggawa ng bakuna ang nagsasagawa ng pagsasaliksik sa buong mundo sa oras na ito. Ang Gobyerno ng Canada ay [namumuhunan sa gawa sa Canada na pagsasaliksik at nakagawa ng patiunang mga kasunduan sa mga pagbili](#) sa mahigit sa daang milyong mga dosis ng pinaka-pinangangako na mga kandidato sa paggawa ng bakuna mula sa buong mundo. Nagbibigay ito ng access sa mga taga-Canada sa ligtas at epektibong mga bakuna sa oras na ito ay maging handa na. Hindi lahat ng mga bakuna ay makakatapos sa takdang oras, kaya nga kami ay bumibili ng patiuna ng bilang ng pinaka-pinangangako ng mga kandidato sa paggawa ng bakuna. Nakatuon ang Kalusugan ng Canada (Health Canada) sa [pagsusuri at pag-paruba](#) ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon, habang sinisiguro na ito ay lubhang napag-aralan at ligtas.



Dahil magkakaroon ng limitadong bilang sa una, sa oras na maaprubahan ang bakuna para gamitin, ang mga pangunahing populasyon ang uunahin.

Inaasahan namin ang pagkakaroon ng limitadong supply sa ilang milyong mga dosis sa unang mga linggo at buwan sa oras na maaprubahan ng Kalusugan ng Canada (Health Canada) ang (mga) bakuna Ibig sabihin nito ay makikipagtulungan ang gobyerno at patuloy na hihingi ng input mula sa mga indipinyenteng mga eksperto, tulad ng [Komite ng Pambansang Pagpapayo sa Pagbabakuna \(National Advisory Committee on Immunization\)](#) (NACI), upang magpasya tungkol kung paanong ipa-prayoridad ang pagbabakuna. Magpapahintulot ito upang makagawa ng pinakamalaking epekto sa pamamagitan ng pagprotekta sa





mataas na panganib na mga populasyon at sa tumulong upang mapanatili ang ating pagtugon sa pandemya, lipunan at pagtakbo ng ekonomiya. Kapag mayroon nang sapat available na (mga) bakuna, palalawakin ang programa sa pagbabakuna.



Magtatagal ang paggawa ng kaligtasan sa sakit. Maaaring hindi sapat ang isang dosis ng bakuna upang magbigay ng indibidwal na proteksyon. Maaaring kailanganin mo ang ikalawang turok upang makabuo ang iyong katawan ng sapat na kaligtasan sa sakit. Hindi pa namin alam ang kailangang dami ng antas ng kaligtasan sa sakit na sapat sa populasyon [kaligtasan sa sakit ng komunidad](#). Hanggang dumating ang oras na iyon, dapat na patuloy pa ring maghugas ng kanilang mga kamay ang mga taga-Canada, [manatili sa bahay](#) kapag may sakit, panatilihin ang [pisikal na distansya](#), [magsuot ng face mask kung naaangkop](#), at panatilihin ang [ubo](#) at [ibabaw](#) kalinisan.



COVID-19 na bakuna ay libre. Habang marami mga bakuna ang nagagawa at naipamimigay, inaasahan namin na makapag-alok ng libheng pagbabakuna sa bawat taga-Canada na may gusto. Alam namin na nakatira kami sa isang pandaigdigang komunidad, kaya nakatuon kami upang tiyakin ang [mga low at middle-income na ekonomiya sa buong mundo ay magkakaroon din ng access](#) sa ligtas at epektibong (mga) bakuna laban sa COVID-19. Hanggang lahat tayo ay maging protektado, nasa panganib pa rin tayo ng pagbalik ng sakit ng COVID-19.



Ang pagbabakuna ay isang pagpipilian na dapat mong gawin upang maprotektahan ang iyong sarili, pamilya at komunidad. Ang pagbabakuna ay [personal na pagpipilian](#) na sinasang-ayunan nang nakararaming mga taga-Canada bilang bahagi ng magandang kalusugan at mahalaga para sa pag-iwas sa malalang sakit.



Nakatuon kaming makipagtulungan sa mga taga-Canada at panatilihin kayong may alam. Ang mga bagay-bagay ay magbabago, at gayundin ang aming mga pagharap dito. Aasa kami sa matatag na sistema ng pampublikong kalusugan ng Canada, ang kadalubhasaan at mga pananaw ng mga mananaliksik, mga propesyunal sa kalusugan, industriya, mga lider ng komunidad at karaniwang kaalaman upang gabayan tayo sa paglalakbay na ito upang mabigyan ang mga taga-Canada ng ligtas at epektibong bakuna laban sa COVID-19. Maaari kang maging up to date sa pagbisita sa [Canada.ca/coronavirus](#) at pinagkakatiwalaang [may kredibilidad na mapagkukunan](#) ng impormasyon.